


Karaniwang Paaralan

- Magpatibay ng mga epektibong pamamaraan at materyales sa pagtuturo tulad ng paggamit ng mga visual na diskarte, pati na rin ang pagbabalangkas ng naaangkop na mga hakbang sa suporta, para magbigay ng sistematikong suporta at regular na pagsusuri sa pag-unlad para sa mga mag-aaral na may HI
- Magbigay ng magandang kapaligiran sa pakikinig, kabilang ang pag-set up ng mga tahimik na kapaligiran sa pagtuturo, pagbibigay ng mas piniling upuan, atbp.
- Magbigay ng Wireless Transmission System (WTS) sa mga mag-aaral na may HI kung kinakailangan, para madali para sa kanila ang makatanggap ng mga speech signal ng mga guro nang epektibo
- Gumamit ng mga materyales sa pagsasanay, mga package ng mapagkukunan, atbp. para matulungan ang mga mag-aaral na may HI na gamitin ang kanilang natitirang pagdinig sa pag-aaral para mapahusay ang kanilang mga kasanayan sa pakikipagkapwa, komunikasyon at pagiging epektibo sa pag-aaral upang malampasan ang mga hadlang na nagmumula sa HI

Karagdagang Suporta

Pag-aayos ng hearing aid at mga kaugnay na serbisyo

Para sa mga mag-aaral na may HI na nangangailangan ng hearing aid, nag-aayos ng libreng hearing aid fitting ang EDB at mga kaugnay na serbisyo kabilang ang probisyon ng hearing aid, earmould at mga kaugnay na follow-up na serbisyo tulad ng pagsasaayos at pagkukumpuni, atbp.



“Dagdag na Serbisyo ng Suporta (ESS) para sa mga Mag-aaral na may Kapansanan sa Pandinig”

- Nag-atas ang EDB ng paaralan para sa mga batang may HI para magbigay ng karagdagang suporta batay sa pangangailangan sa mga mag-aaral na may HI sa pampublikong sektor ng mga ordinaryong paaralan at mga espesyal na paaralan
- Kung mayroon pa ring problema sa pag-aangkop, pag-aaral o komunikasyon ang mga mag-aaral na may HI na gumagamit ng mga hearing device pagkatapos makatanggap ng suportang nakabase sa paaralan, depende sa pahintulot ng mga magulang at pagtatasa ng EDB, isasaayos ng EDB ang mga mag-aaral para matanggap ang serbisyo
- Kabilang sa nilalaman ng serbisyo ang: pagpapalakas ng pagsasalita, wika, komunikasyon at mga kasanayang panlipunan ng mga mag-aaral na may HI; pagbabahagi ng karanasan tungkol sa pagtuturo sa mga mag-aaral na may HI sa mga guro ng paaralan, at pagbibigay sa mga magulang ng kinakailangang kaalaman, kasanayan, at mga diskarte para masuportahan nila nang mas epektibo ang kanilang mga anak na may HI

Mga Kapaki-pakinabang na Website at Numero ng Telepono para sa Pagtatanong

Kawanihan ng Edukasyon

http://www.edb.gov.hk	
Pangrehiyon na Tanggapan ng Edukasyon ng Hong Kong (Hong Kong Regional Education Office)	2863 4646
Pangrehiyon na Tanggapan ng Edukasyon ng Kowloon (Kowloon Regional Education Office)	3698 4108
Pangrehiyon na Tanggapan ng Edukasyon ng New Territories East (New Territories East Regional Education Office)	2639 4876
Pangrehiyon na Tanggapan ng Edukasyon ng New Territories West (New Territories West Regional Education Office)	2437 7272
Mga Pangkalahatang Pagtatanong sa Espesyal na Edukasyon (General Enquiries on Special Education)	3698 3957
Seksyon ng Serbisyong Pang-edukasyon sa Audiology	3698 3909

Online na Impormasyon para sa “SENSE” Integrated na Edukasyon at Espesyal na Edukasyon
<https://sense.edb.gov.hk>

Impormasyon tungkol sa pagsuporta sa mga mag-aaral na may HI

<https://sense.edb.gov.hk/en/types-of-special-educational-needs/hearing-impairment/index.html>

“Gabay ng Magulang sa Buong Paaralan na Diskarte sa Pinagsamang Edukasyon”

<https://sense.edb.gov.hk/uploads/page/integrated-education/guidelines/ieparentguide.pdf>

“Gabay sa Operasyon sa “Buong Paaralan na Diskarte sa Pinagsamang Edukasyon”

https://sense.edb.gov.hk/uploads/page/integrated_education/landing/ie_guide_en.pdf

Kagawaran ng Kalusugan

- Serbisyo sa Pagsusuri ng Bata 2246 6659
<https://www.dhcas.gov.hk/en/>
- Serbisyong Pangkalusugan ng Mag-aaral 2349 4212
<https://www.studenthealth.gov.hk/eindex.html>

Kagawaran ng Kagalingang Panlipunan

<http://www.swd.gov.hk>

Paano Susuportahan ang Mga Batang May Kapansanan sa Pandinig



Panimula

Gusto palagi ng mga magulang na linangin ang talent ng kanilang mga anak sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng naangkop na kapaligiran sa pamumuhay at pag-aaral. Ang maagang pakilala at suporta ay nakatutulong sa mga batang may espesyal na pangangailangang pang-edukasyon (SEN) na mapadali sa kanilang pagbagay sa pang-araw-araw na buhay at kapaligiran sa pag-aaral, at magpapaunlad ng kanilang mga potensyal.

Ano ang Kapansanan sa Pandinig (Hearing Impairment, HI)?

Ang isang karamdaman sa anumang bahagi ng sistema ng pandinig ay makakaapekto sa kakayahan ng pandinig, at sa gayon ay nakakaapekto sa mga kakayahan sa pagsasalita at komunikasyon. Maaaring ituring na may HI ang isang bata na may threshold ng pandinig na mas mataas sa 25dB. Maaaring iuri sa 5 degree ang HI:

Bahagyang kapansanan sa pandinig (Mga Threshold ng Pandinig: 26 hanggang 40 dB)

- Nahirirapan sa pagdinig ng mahinang tunog o pag-uusap sa isang maingay na kapaligiran
- Maaaring magpataas ng kakayahang makarinig ng mga tunog ang paglapit sa pinagmumulan ng tunog at isang tahimik na kapaligiran sa pakikinig
- Maaaring may maliliit na problema sa pagsasalita

Katamtamang Kapansanan sa Pandinig (Mga Threshold ng Pandinig: 41 hanggang 55 dB)

- Hindi ganap na makarinig ng pag-uusap na ginagawa sa normal na antas ng boses
- Mapapahusay ang kakayahang makipag-usap sa pamamagitan ng paggamit ng mga hearing aid
- Maaaring magkaroon ng mga problema sa pagsasalita

Katamtamang Malubhang Kapansanan ng Pandinig (Mga Threshold ng Pandinig: 56 hanggang 70 dB)

- Nakakarinig lang ng usapan ng mga tao sa di kalayuan
- Gamit ang mga hearing aid at speechreading, ang pagiging epektibo ng pakikipag-usap sa iba ay maaaring mapahusay, ngunit nahirirapan pa rin sa pag-unawa sa mga audiotape o audio-visual na impormasyon nang walang mga subtitle.
- Malaking saklaw na nahahadlangan ang pag-unlad ng pagsasalita, mahirap ang pagsasalita

Malubha ang Kapansanan sa Pandinig (Mga Threshold sa Pandinig: 71 hanggang 90 dB)

- Makakarinig lang ng malalakas na tunog sa di kalayuan
- Kailangang umasa sa mga hearing aid at speechreading para makipag-usap sa iba, nahirirapan sa pag-unawa sa mga audiotape o audio-visual na impormasyon nang walang mga subtitle

Malalang Kapansanan sa Pandinig (Mga Threshold sa Pandinig 91 dB o mas mataas)

- Lubhang nahahadlangan ang pag-unlad ng pagsasalita
- Karaniwang nahirirapang makarinig ng mga tunog at madarama lamang ang mga vibration, kailangang umasa sa mga hearing aid o cochlear na implant para maramdaman ang mga tunog
- Umaasa din sa speechreading, nakakatulong ang iba pang visual na cue gaya ng mga galaw at lengguahe ng katawan para sa pag-unawa sa salita ng pakikipag-usap, ngunit hindi nakakaintindi ng mga audiotape o audio-visual na impormasyon nang walang mga subtitle.
- Lubos na nahahadlangan ang pag-unlad ng pagsasalita

Mga Papel ng Magulang

Pinaghihinalaan ko na may HI ang anak ko...

- Humingi ng medikal na konsultasyon sa lalong madaling panahon. Kung kailangan, isasangguni ng kinauukulang propesyonal ang mga mag-aaral na may patuloy na HI sa Seksyon ng Serbisyo para sa Educational Audiology ng Kawanihan ng Edukasyon (Educational Audiology Service Section ng Education Bureau (EDB)) para sa suporta sa paaralan at nauugnay na follow-up.

Nasuri ang anak ko na may HI...

- Kaagad at maagap na ibigay sa paaralan ang impormasyon ng SEN ng anak mo, kabilang ang paglilipat ng Audiological Report sa paaralan, para maisaayos ng paaralan ang naaangkop na mga serbisyo ng suporta
- Panatilihin ang komunikasyon sa grupo ng suporta sa mag-aaral, guro ng klase at guro ng subject ng paaralan para maunawaan ang mga kondisyon ng pag-aaral ng anak mo; at talakayin ang naaangkop na mga diskarte sa suporta sa kanila kung kinakailangan
- Hikayatin ang anak mo na maging ugali ang patuloy na paggamit ng mga hearing device
- Sanayin sa kanya ang mga kasanayang nakuha sa pagsasanay ng rehabilitasyon, hal. mga pamamaraan ng pagsasanay sa pandinig at pagsasalita



Magsalita sa harap ng anak mo hangga't maaari para makita niya ang mga galaw sa labi, mga ekspresyon ng mukha at mga kilos. Magsalita nang malinaw at natural. Siguraduhing hindi sinasadyang taasan ang boses mo, magsalita ng masyadong mabagal, o sobra-sobra ang mga galaw ng bibig. Kung kailangan mong tawagin ang atensyon niya, tapikin ang kanyang balikat o gumamit ng iba pang mga kilos para magsenyas

Tulungan ang anak mo na maunawaan ang pag-uusap sa pamamagitan ng pagpapaliwanag ng mga abstract na termino at muling pagbigkas o pagpapasimple ng mga kumplikadong pangungusap. Maaari ka ring gumamit ng mga kilos bilang mga cue o isulat ang mga pangunahing salita para maging malinaw ang iyong sarili

Hikayatin ang anak mo na lumahok sa mga extracurricular na gawain at hayaan siyang makatanggap ng naaangkop na pagsasanay, para mapahusay ang kanyang pagpapahalaga sa sarili at mapabuti ang kanyang mga kasanayan sa lipunan

Hikayatin ang anak mo na bumuo ng mahusay na ugali sa pagbabasa at tulungan silang maunawaan ang epektibong mga kasanayan sa pag-aaral at mga diskarte para unti-unting mapalakas ang kanyang mga kakayahan sa wika

Makipagtulungan sa mga guro o iba pang propesyonal para magbigay ng suporta

Mga Serbisyo sa Surporta at Diskarte

Sa pangkalahatan, isasangguni ng EDB, depende sa pagtatasa at mga rekomendasyon ng mga propesyonal at may pahintulot ng mga magulang, ang mga mag-aaral na may average na threshold ng pagdinig sa 61dB o mas mataas sa mga paaralan para sa mga batang may HI para makatanggap ng masinsinang serbisyo ng suporta. Ang ibang estudyanteng may HI ay maaaring pumasok sa mga ordinaryong paaralan. Magbibigay ang mga paaralan ng sumusunod na suporta alinsunod sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral:

Espesyal na Paaralan

Magbibigay ng serbisyo sa primarya isa hanggang sekondaryang anim na serbisyo sa edukasyon ang mga paaralan para sa mga batang may HI para sa mga mag-aaral na may average na threshold ng pagdinig sa 61dB o mas mataas, para matulungan silang malampasan ang kanilang HI at paunlarin ang kanilang potensyal. Isinasalang-alang ang mga kakayahan ng mga mag-aaral, gayundin ang kanilang mga pangangailangan sa pag-aaral at komunikasyon, gagawin ng mga paaralan ang pinakaangkop na paraan ng komunikasyon sa pagtuturo at pagkatuto (kabilang ang oral, sign at kabuuang komunikasyon); sasanayin din ng mga guro ang mga mag-aaral na gamitin ang kanilang natitirang pandinig para sa pakikinig sa oral na wika para matulungan silang makabisado ang mga kasanayan sa pakikipag-usap sa mga taong may HI o normal na pandinig.